

PROLOGUE

UNTITLED

Beatrice Miranda

*Come, stranger's eyes,
The mirror of your soul
Your gazes make me rock,
Your gazes make me roll;
Come, penetrating eyes,
I love the way you stare
Behind your teacup
Lies the question in the air;
Come, dark eyes,
You make me feel so weak
I see you in my dreams
And that's what makes me sick;
Come, tormenting me eyes,
You're the water in my spring.*

1

“Binuksan ang daanang iyon para lang sa mga sasakyang lumalabas mula sa *Arellano Farm*,” pahayag ni Beatrice sa nobyong si Jeffrey na siyang nasa manibela. Ilang metro na lang ang layo nila mula sa tinutukoy niyang daan. “We cannot take the bend, Jeffrey. Bukod pa sa one-way lang ay delikado din ang ilang blind curves.”

“It’s almost four in the afternoon, Bea. Look, hindi na gaanong busy ang kalsada dahil sa umaga nagdadagsaan ang mga umaangkat ng bigas at mga prutas sa farm.”

“Kahit na. May sariling road regulation dito. We have to observe it. Malapit na din naman ang entry turn ng farmhouse.”

“Okay lang ’yan, Bea. Mas madali daw kasi ang papuntang farmhouse kapag dito tayo dumaan. ’Wag kang mag-alala, hindi ko naman bibilisan ang pagmamaneho. Besides, sino’ng sisita sa akin kung kasama kita?”

“Kahit na, delikado pa rin ang gagawin mo,” giit niya na talagang hindi na pinakinggan ng nobyo

dahil agad nitong iniliko ang sasakyan sa makitid bagaman sementadong kalsada sa kaliwang bahagi ng main road.

Beatrice heaved a deep sigh. Napapagod na siyang makipagtalos rito. Dapat talaga ay hindi na lang niya ipinaalam na pupunta siya sa farmhouse para hindi na nag-insist ang binata na ihatid siya.

Dalawang buwan pa lang silang magkasintahan at hindi itinago ni Jeffrey sa kanya na gusto nitong makatuntong sa mansion. Mansion pero mas kilala ang bahay bilang farmhouse. Nasa gitna iyon ng isang malawak na bukiran. Palayan man ang malaking bahagi ng San Carlos ay modernong maituturing. Si Don Arellano ang siyang nagpaunlad nang husto sa bayan. At nang pumanaw ito ay naiwan sa apong lalaki na si Miko Llamanzares ang farmhouse at ang *Arellano Farm*.

Maliwanag pa ang paligid sa alas cuatro ng hapon. Sa gabi naman ay nakabukas ang mga ilaw sa mga posteng nasa gilid ng daan. Hindi lamang niya maiwasang kabahan dahil nga sa katigasan ng ulo ni Jeffrey.

Ilang metro na lamang sila mula sa mas malawak na kalyeng siyang bungad ng exit road nang may mapansin siyang isang motorsiklong tumatakbo

pasalubong sa kanila. Agad siyang nag-panic.

“Jeffrey, may bike!”

“I know. Hihinto din ’yan,” kalmanteng sagot nito na lalo niyang ikinataranta. Her eyes grew wider dahil kaunti na lang ang distansya nila sa motorsiklo at mukhang hindi naman hihinto ang takbo niyon.

“Jeffrey, it won’t stop! Itabi mo! Itabi mo ang kotse!” she almost screamed kahit imposibleng maitabi ng lalaki ang kotse nang hindi sila sasagasa sa matataas na talahib. At nang lingunin niya ang motorsiklo ay nasa unahan na nila ito. Sa mga sumunod na sandali, tila humiwalay ang espiritu ni Beatrice mula sa kanyang katawan. Natutulalang pinanood niya ang muntikang pagsalpok ng motor sa gilid ng kotse ni Jeffrey kung hindi nakapagpreno ang rider niyon dahil nahulog ang isang gulong ng sinasakyan nila sa kanal at kusa ring namatay ang makina.

Nagmumurang nag-alis ng seatbelt si Jeffrey. Napukaw niyon ang tila nahimbing na diwa ni Beatrice. She forced herself to move at sa nanginginig na mga kamay ay inalis niya ang kanyang seatbelt. Her body was shaken.

Kung hindi pa sumakit ang kaliwang bahagi ng ulo niya ay hindi niya maaalalang nauntog siya sa kung saang bahagi ng sasakyan. Halos hindi niya maigalaw ang mga tuhod na tila tinakasan ng lakas. Ang hawak niyang cellphone ay hindi niya alam kung saang sulok na ng kotse sumuot pagkatapos niyong sumabay sa pagkahulog nila sa kanal.

Nilingon niya si Jeffrey na pinipilit mabuksan ang pinto sa tabi nito dahil napasadsad ang bahagi ng driver seat sa talahiban. They were safe. Buti at iyon lamang ang nangyari sa kanila.

“Damn that rider! Kung bakit nakita niyang may kasalubong siya ay hindi agad huminto!” naiinis na wika ng katabi na ipinagsalubong ng mga kilay niya.

Kasalanan nito ang nangyari, pero ibang tao pa ang sinisi. Agad naman niyang naalala ang sakay ng motorsiklo. Bago tuluyang mapapikit sa takot ay nahagip pa ng mga mata niya ang pagkabuwal ng bike nito. Tila nanumbalik ang lakas niya nang hagipin ang lock ng passenger seat at buksan iyon. Bahagyang nangatog ang kanyang mga tuhod nang bumaba at agad natambad sa paningin ang niya rider ng motorsiklo.

Nakatayo na ito at mukhang hindi naman nasaktan. Inalis nito ang helmet at saka ibinaba iyon

The Farmer's Son - Dani Alba

sa sementadong daan. Yumukod ito at pagkatapos ay balewalang itinayo ang nabuwal na motorsiklo na hindi naiwasang magalusan sa pagkakatumba. Sa bahagyang pangininginig ng mga binti dahilan sa takot ay nilapitan niya ang lalaki.

“Mister, okay lang ba kayo? Pasensya na. Kasalanan namin—” Awtomatikong napatigil si Beatrice nang lumingon sa kanya ang matangkad na lalaki. He leaned toward her. She wasn't dreaming, was she? That's the first thing that came to her mind when their eyes met.

*Come, stranger's eyes,
The mirror of your soul
Your gazes make me rock,
Your gazes make me roll...*

Yes. Her mind was completely rocked. Nang magtama ang mga paningin nila ng rider ng motorsiklo ay tila nayanig siya. And she could feel her heart jumped and rolled. Dahil pagkatapos ng dalawang taon ay nasa harapan niya muli ang estrangherong laman ng isip niya sa nagdaang panahon.

Ilang buwan nang ginagamit ni Paolo Borromeo ang motorsiklo ay hindi pa nangyari na maaksidente o makaaksidente siya. Pero tama nga ang kasabihan, there is always a first time.

Sa totoo lang, hindi talaga mangyayari ang aksidenteng iyon na ipinagpasalamat niyang hindi naman malubha kung hindi nagkamali ng tinahak na daan ang driver ng *Kia Sorento* na kasalubong niya kanina lamang.

Aaminin niyang may kasalanan din siya dahil kahit natanaw na niya ang sasakyan ay hindi pa rin niya agad ginalaw ang handbrake ng motorsiklo. It was his ego. One-way kasi ang kalsada at iyon ang nais niyang ipaintindi sa mga sakay ng kotse.

Subalit hindi nagmaniobra ang *Kia Sorento* ni huminto man lang. And by instinct, napsil niya ang handbrake nang biglang gumilid ang SUV at mahulog ang unahang gulong niyon sa trench. At sa biglang pagpreno ay nabuwal ang motorsiklo kasama siya, at kung hindi maliwanag ang isip ay malamang nasaktan din siya nang todo.

Tumayo siya at minasdan ang motorsiklo. Naramdaman niya ang pressure sa kaliwang binti

at ang mga humahapding bahagi ng kaliwa niyang braso, subalit hindi niya iyon ininda. Hinubad niya ang helmet na mabuti ay suot dahil naramdaman niya ang mahinang pagsalpok ng ulunan sa sementadong kalsada. He quickly checked his bike at nang makitang hindi naman ito nasira ay agad niyang itinayo.

“Mister, okay lang ba kayo? Pasensya na. Kasalanan namin—”

He turned and found the girl he never thought he would see again... and in that situation. Ito ba ang muntik nang makapatay sa kanya? He met her eyes. The familiar eyes. And an old beat came to revive him.

“Paolo, anak!” Sabay nilang nilingon ang tumawag na alam niyang walang iba kundi ang Tatay Julio niya. Mula sa manipis na talahiban ng undeveloped land ng San Carlos na sakop pa ng *Arellano Farm* ay nakita niyang tumatakbo ang matandang lalaki papalapit sa kanila. “Ano’ng nangyari? Nasaktan ka ba, anak?” nag-aalalang tanong nito na sinuri siya mula ulo hanggang paa.

“Mang Julio?”

Nilingon ng matanda ang dalaga na nagulat nang makilala kung sino ito. Inalis nito ang buli hat at bahagyang yumukod. “Naku, Miss Beatrice! Ikaw

pala 'yan. Pasensya na at hindi ko kayo agad nakilala,” wika ng ama niya. “Eh, mangyari po ay nasa malayo ako nang makita kong muntik nang sumalpok ang motorsiklo sa kotse. Kayo ho ba ang sakay ng kotse? Ayos lang ba kayo?”

“Hindi!” sigaw ng isang lalaki mula sa likuran ni Beatrice na nang nakalapit ay agad na dinuro si Paolo. “Kasalanan mo 'to kaya nahulog ang gulong ko sa kanal! Nakita mo naman sigurong paparating kami!”

“Jeffrey, please, stop! This is your fault. Hindi ka nakinig sa akin kaya muntik tayong makabangga,” marahang saway ng dalaga sa kasama at nahihiyang tumingin sa kanila. “Mang Julio, pasensya na po talaga. Kami ang may kasalanan ng aksidente.”

“Matagal na pong ipinaiiral ang tuntunin tungkol sa dalawang magkahiwalay na daanan ng *Arellano Farm*, Ma'am. At sa totoo lang po ay ito ang unang beses na may sumuway dito. Tiyak na hindi ito magugustuhan ni Sir Miko. Mahigpit po ang bilin niya ukol sa regulasyon sa daan.”

“Alam ko po iyon, Mang Julio. Pero makikiusap po sana akong 'wag na lang po itong makarating kay Uncle. Aayusin ko na lamang po ang mga napinsala ko. Nakikiusap po ako.”

“Eh, kasi, Miss Beatrice...” Nakita niya ang tila nagdadalawang-isip na hitsura ng matandang lalaki. Wari’y gustong madala sa kaamuan ng mukha ng babaeng humihimok dito.

“Imposible ang sinasabi mo, Miss,” singit ni Paolo na dahilan upang tingalain ulit siya ni Beatrice at muling magtama ang kanilang mga mata. Her eyes were as expressive as two years ago. Ibinabadya ng abuhin at magagandang mata nito ang siyang nararamdaman. She was sorry. She was pleading. She was scared, curious and surprised. “Hindi gan’on kadali ang hinihingi mo. Ilalagay mo sa alanganin ang posisyon ng aking ama dito sa *Arellano Farm*. Kung hindi mo alam, mahigpit ang patakaran ni Mr. Llamanzares pagdating sa daanan.”

“Nag-sorry na si Bea, di ba? Nagmamatigas ka pa! Ano bang areglo ang gusto mo?” inis na sabad ng lalaki sa tabi nito.

Gumitna ang matandang lalaki. “Teka lang ho, Sir! ’Wag po kayong magalit at may katuwiran naman po ang anak ko. Hindi po maaaring hindi ito makarating kay Sir Miko. Karapatan niya pong malaman ang mga nangyari sa nasasakupan niya.”

“Naiintindihan ko po, Mang Julio,” sagot ni Beatrice. “Pero kung maaari sana ay ako na lamang

ang umayos ng problema.”

“Pero kasi po—”

“Tay,” ani Paolo na hinawakan sa balikat ang matandang lalaki, “ako na po ang bahala. ’Wag n’yo na pong alalahanin ang tungkol dito.”

“Sigurado ka, hijo? O, siya, sige,” sagot ni Mang Julio at muling nilingon ang dalaga. “Miss Beatrice, mas mainam nga po siguro na kayo na lang ang mag-usap.”

“Teka nga! Ano ba’ng pag-uusapan n’yo? Hindi n’yo ba nakita na napinsala din ang kotse ko? Siguradong puro gasgas din ang tagiliran niyan,” reklamo ng driver ng *Kia Sorento*.

“Hindi ko kasalanan ang nangyari sa kotse mo,” walang emosyon niyang sagot na tiningnan ang lalaking siya pang may ganang magalit samantalang kagagawan nito ang nangyari. Niyuko niya si Beatrice. “Maliwanag ang nangyari, Miss. Lumabag kayo sa isang simpleng road regulation sa isang private property. May pananagutan kayo sa mayari. At may muntik na kayong madisgrasya dahil sa kapangahasan n’yo.”

“Hindi mo kailangang makipag-ayos, Bea. Hayaan mo silang magsumbong. Hindi ka naman

paparusahan ng uncle mo sa nangyari. And the guy isn't hurt, can't you see?" sabad ng kasama ng dalaga.

“Pero makakarating ito kay Uncle, Jeffrey!” bulalas nito. “And that’s what I avoid to happen,” nag-aalalang wika nito na muling tumingin sa kanya. “Please, Mister ... Nakikiusap ako sa ’yo?”

“Paolo,” sagot niya. “Okay. Pero siguro ay saka na lang natin pag-usapan ang tungkol dito kapag hindi na mainit ang sitwasyon.” Nilingon niya ang kasama ni Beatrice. Kaanu-ano kaya ito ng huli?

“Oh, thank you so much, Paolo! That’s really good to hear,” nasisiyahang wika nito. May hinugot ito mula sa sling bag at iniabot sa kanya. “Beatrice Miranda. Please call me soon.”

A sarcastic smile formed on his lips before he took her card. *Life is full of surprises... and accidents. And of all people, huh!*

“Can you help us with the car? Para makaalis na din kami dito bago pa may ibang dumaan at makita kami.”

Muli ay narinig niya ang masuyong tinig nito. Agad siyang kumilos at nilapitan ang bahagi ng kotseng nahulog sa kanal.

2

“Akala ko ay mag-uusap kayo ni Miss Beatrice, hijo? Bakit uuwi ka bukas ng Sta. Catalina?” tanong ni Mang Julio kay Paolo habang inihahain nito sa hapag ang sinampalukang manok. Naging paborito na niya ang nabanggit na pagkain mula nang siya ay binatilyo pa lamang. Nag-umpisa na siyang kumain.

Nakita niyang umupo na rin ang matanda at nagsimulang lagyan ng kanin ang sariling pinggan. “May appointment po ako kay Atty. Bernabe bukas ng tanghali, Tay. At kinahapunan ay darating ang mga binili nating baka,” aniya sa pagitan ng pagnguya. “Sa isang araw na po ako babalik.”

“Natitiyak kong naghihintay na si Miss Beatrice. Nakita ko ang takot sa kanya kanina nang sabihin niyang baka makarating kay Atty. Miranda ang nangyari.”

“Kilala n’yo ba ’yung kasama niyang lalaki kanina?” pormal niyang tanong nang matapos sa pagkain at makainom ng tubig.

“Hindi, hijo,” sagot nito. “Ngayon ko lamang nakita ang batang iyon. Baka kaklase ni Miss Beatrice

sa universidad. O kaya ay manliligaw o marahil ay kasintahan.”

Tumangu-tango siya saka muling uminom ng tubig.

“Tiyakin mong nainom mo rin ang gamot na ibinigay ko sa ’yo, hijo. Pang-iwas impeksyon at nang gumaling agad ’yang mga galos mo.”

Sandaling niyuko ni Paolo ang likuran ng kaliwang braso niya na bahagya nang nabawasan ang panghahapdi. May mga pasa rin siya sa braso na hindi na niya maalala kung saan tumama. Sa binti ay may ilang galos din siya. Pero lahat ay sinayaran na ng unang lunas ng matandang lalaki. Kahit kailan, mula nang siya ay bata pa, walang kupas ang pag-aalaga nito sa kanya.

“Ilang taon na ako ngayon, ’Tay?’ nakangiti niyang tanong sa kaharap.

Tumango ito. “Beinte-siete.”

“Ilang taon na lang ay mawawala na sa kalendaryo ang edad ko. Pero ganito mo pa rin ako alagaan at asikasuhin.”

“Ay, hindi na mawawala sa akin ’yan, hijo. Tandaan mo, kahit kailan hindi ako magsasawang

alagaan ka. Kahit pa magkapamilya ka na. Ako rin ang mag-aalaga sa mga magiging apo ko. Tandaan mo 'yan.”

“Hindi mo kailangang mag-alala, Beatrice, kung hindi ka man tawagan ng lalaking iyon,” matigas na sabi ni Jeffrey sa nobya nang maihatid siya nito sa kanila. “For all you know, iisahan ka lang ng mag-ama. Hindi mo ba nakita, mukha silang oportunist. Siguradong pakikinabangan nila ang nangyari at sasamantalain nila ang takot mo.”

“Wag ka ngang magsalita nang ganyan, Jeffrey. Hindi porque't mahirap ay mapagsamantala na. At si Mang Julio ay isa sa mga pinagkakatiwalaan noon ni Lolo Roberto sa *Villa Miranda* kaya kilala ko siya,” pagtatanggol niya sa matandang lalaki.

Mula sa Sta. Catalina ang pamilya ng daddy niya. Subalit bata pa man ay mas nakahalubilo na ni Bob ang mga kabataan sa San Carlos. Kaibigan nito ang kanyang Tita Arianne, asawa ni Miko Llamanzares. At nang maging asawa na ng ama niya si Samantha Castro ay tuluyan nang naging opisyal na mamamayan ito ng San Carlos. Her mother was the only daughter of Olga Llamanzares-Castro. Ang kanyang ama na si Atty. Bob Miranda, a partner in *MB Law Firm*, ay isa

rin sa mga corporate lawyers ng *ALFMC*.

Noong nasa elementary pa ay mas malimit siyang mamalagi sa *Villa Miranda* sa Sta. Catalina. Nag-iisa rin siyang apo sa side ng kanyang ama. Kilala rin siya ng lahat ng mga matapat na empleyado ng kanyang Lolo Roberto. At isa na nga roon si Mang Julio na isang biyudo.

Nasa unang taon ng high school si Beatrice nang mabalitaang muli itong nakapag-asawa ng isang may-edad na ring dalaga na taga-San Carlos. Doon na rin namirmihan ang matanda kasama ang bagong asawa. Alam niyang sinasaka nito ang ilang pilapil ng palayan sa *Arellano Farm* bukod pa sa kinuha itong katiwala ng prutasan. May ilang pagkakataong nakakakumustahan niya si Mang Julio kapag nakikita niya, pero hindi niya alam na may anak ito. Hindi rin niya nakilala ang unang asawa ni Mang Julio na siya marahil ay ina ni Paolo.

“Sa totoo lang, he looks familiar, Bea,” untag ni Jeffrey sa pag-iisip niya. Napatingin siya sa nobyo. Napatangu-tango ito. “The farmer’s son,” he said with a pensive look on his face. “Nakikita ko siya noon sa *CPU*. Pero bigla siyang nawala. Well, hindi naman ako magtataka. Baka sa isang pampublikong kolehiyo na siya nagpatuloy ng pag-aaral dahil hindi na kaya ng

mga magulang niya na pag-aralin siya sa *CPU*.”

“Hindi natin siya kilala. It’s inappropriate to talk about him.”

Tiningnan siya nito na tila siya ay sinusuri pagkatapos ay ngumiti. “Okay. Pero ’wag mong paiiralin ang kabaitan mo, Bea, kapag kaharap mo na ulit sila. At gusto ko ay dalawa tayong makikipag-usap.”

Bumuntong-hininga siya. “You know, Jeffrey, ayoko nang sisihin ka pa sa mga nangyari. Pero sana kapag nakaharap na natin si Mang Julio at ang anak niya ay maging mahinahon ka naman. Kasalanan mo ang lahat, ’wag mong kakalimutan.”

Napabuga ito ng hangin. “Sorry. ’Wag ka nang magalit. At ’wag mong kalimutang i-inform ako kapag tinawagan ka na nila.”

Tumango siya at sinabi rito na umuwi na ito. Inihatid niya ang binata hanggang labas at hinintay munang makaalis ang kotse nito. Pagpasok ay agad siyang dumiretso sa kanyang silid sa second floor.

May kalayuan mula sa farmhouse ang newly-developed executive village kung saan nakatayo ang bahay nila. Malayo pa rin iyon sa subdivision na tinitirhan naman ng pamilya ng second oldest cousin

The Farmer's Son - Dani Alba

ng kanyang mommy na si Tamara. Kasama nito ang asawang doctor. Ang bunsong anak ng mga ito na si Kristoff ay sa ibang bansa na rin nagpatuloy ng pag-aaral ng medisina. May sariling pamilya na ang panganay nitong si Marco. Ang dalawa pa niyang pinsang binata na anak naman ni Tarcila o mas kilala bilang Terry ay parehong nag-aaral sa Maynila.

Among her cousins, pinakamalapit ang loob niya sa bunsong anak nina Miko at Arianne na si Rikka. At dahil semestral break ay naisip niya kaninang bisitahin ang nag-iisang pinsang babae. She missed her. Nag-aaral ito sa isang exclusive high school na nasa boundary ng San Carlos at Concepcion. Sa mapa, halos dulo at dulo ang pagitan ng eskuwelahan nila. Subalit nasira ang balak niyang bisitahin si Rikka. Hindi na niya nagawang makaabot man lang sa farmhouse dahil nga sa nangyari. At hindi pa rin siya makapaniwalang nagkita ulit sila ng lalaking iyon.

Paolo. His name was Paolo. He looked mature, must be four or five years older than her. And he still had the same dark, penetrating eyes.

Bakit kaya bigla itong nawala sa *CPU* two years ago? Alam niya ang tungkol sa scholarship program na noon pa'y sinimulan na ni Don Arellano para sa mga anak ng trabahador nito sa farm. Imposible ang

sinabi ni Jeffrey na hindi na kinaya ni Mang Julio na pag-aralin ang anak nito sa *CPU*. Baka lumipat ito ng eskuwelahan o kaya ay umalis talaga ng San Carlos ang binata.

Mula sa mga nakasalansang libro sa shelf ay kinuha ni Beatrice ang isang envelope. Binuklat-buklat niya iyon hanggang sa makita ang hinahanap na papel. Iyon ang kopya ng tulang nagawa niya dalawang taon na ang nakaraan. Na-publish pa nga ang tulang iyon sa kanilang school organ, ang *CPUNow*.

He was everywhere. Nasaan man siya sa college campus ng *CPU* ay naroon din ang binata. Siguro ay nagkakataon lang, pero napukaw nito ang kanyang pansin. At sa lahat ng mga kabataang lalaking tumitingin sa kanya ay tanging ang mga titig nito ang hindi niya magawang ignorahin. His stares were probing, penetrating. There was something in Paolo's eyes that she couldn't describe. At kapag sinasalubong niya ang mga titig nito ay may nararamdaman siyang kakaiba.

She couldn't guess better. She was confused. She was curious. At sa buong isang linggong nakalipas na ganoon lagi ang nangyayari ay nabuo niya ang tula. Pero pagkatapos niyon ay hindi na niya ulit nakita ang lalaki.

Until this afternoon. So, the handsome stranger was never beyond her reach. Though she could not

The Farmer's Son - Dani Alba

remember well kung katulad pa rin ba ng dati ang naramdaman niya nang muli niyang makita ito. Nasa gitna kasi siya ng isang sitwasyong nakakahiya at kasalukuyang pinoproblema niya.

Katatapos lang siyang kastiguhin ng kanyang amang abogado. Paano nga ba siya mananalo rito? Pero pagkatapos ng pag-uusap nilang iyon ay ipinangako niya sa sarili na hindi na niya dadagdagan pa ang disappointment nito sa kanya. How ironic! Kasunod agad niyon ang munting aksidente sa *Arellano Farm*.

It was Jeffrey's fault. Oo, binalaan niya ito pero higit na may pananagutan siya sa nangyari. And she could not imagine her father's reaction should he learn about it. Sana ay tawagan na siya ni Paolo para matahimik na siya. She needed to talk to him and convinced him na huwag nang iparating sa Uncle Miko niya ang nangyari.

At bukod pa roon ay alam niyang hindi sapat ang paghinggi niya ng paumanhin sa lalaki. Natitiyak niyang mahalaga rito ang motorsiklo nitong hindi man nawasak ng aksidente ay napingasan naman ang itsura. At hindi masamang mag-offer siya ng pera para maipaayos nito ang bike.

3

“Ma’am Beatrice, may phone call po kayo.”

Mabilis na nag-angat ng mukha ang dalaga mula sa binabasang *Lifestyle* magazine. “Sino daw?”

“Hindi po nagpakilala.”

Tumayo siya mula sa couch at inabot ang wireless telephone mula sa kasambahay na si Lulu. Biglang bumilis ang tibok ng puso niya. Hindi ang best friend na si Jonna at lalong hindi si Jeffrey ang tatawag. Kanina lamang umaga ay ka-text niya ang dalawa.

“Hello.”

A masculine voice spoke. “Miss Miranda?”

“Yes... Sino ito?”

“Nandito ako ngayon sa *Marciano's*, Miss Miranda, if you wish to know.”

Nahigit niya ang paghinga. “P-Paolo?”

“I won’t stay long. Marami akong trabahong naghihintay,” anito.

“Alright. Pupunta ako. Please, hintayin mo ako.”

Atty. Sid Bernales was evocatively smiling at Paolo nang i-off na niya ang cellphone. Despite the age difference of eighteen years, ang abogado ang siyang pinakamatalik niyang kaibigan. At ito rin ang pinagkakatiwalaan niya sa lahat ng bagay.

“Tama ba ako ng narinig, Paolo? Did you say ‘Miss Miranda’? Parang iisa lang ang kilala kong Miss Miranda sa San Carlos.”

He skewed a smile. “I have a business with the lady, Sid.”

“Ang alam ko ay Engineering student ang unica hija ni Atty. Miranda. Ano’ng kinalaman niya sa itatayo mong rancho sa Sta. Catalina? Don’t tell me it’s a monkey business. Dahil hindi mo alam kung ano’ng pinapasok mo,” anitong may pagbabanta sa tono.

Napailing-iling siya. “Relax, Bernales. Hindi mangyayaring magtagpo kayo ni Atty. Miranda sa korte representing opposite sides. May kailangan lang i-settle na usapin, and it’s just between me and Miss Miranda.”

“So, would you rather I leave now?”

Umiling ang binata. “No, Sid. I want you to meet her.”

“I have seen the girl many times, Paolo. Kilala din niya ako.”

“Just stay for a while, Sid. Pagdating niya ay maaari mo na kaming iwan,” aniya saka sinenyasan ang waiter para umorder ng another round of drinks.

“May problema ba, Miss Miranda? Hindi mo ba gusto ang lugar?”

Beatrice couldn't even look directly at Paolo. Paano pa ang sagutin ang mga tanong nito? Ano ang problema?

Sa totoo lang, naiwala na niya sa isip ang mga sasabihin nang puntahan niya ang binata sa *Marciano's*, isang kilalang restaurant sa San Carlos. The place offered good food. Maganda ang lugar. Wala naman sanang problema kung hindi lang niya inabutang magkasama si Paolo at ang kasosyo ng kanyang ama sa *MB Law Firm* na si Atty. Bernales.

“Do you want anything? Don't you like your food?”

Umiral ang curiosity niya nang magsalita ang

lalaki. Well, kahit sino namang tao ay maaaring maging kasing-articulate ni Paolo. Hindi rin porque anak ito ng magsasaka ay hindi na ito marunong mag-Ingles. At hindi ba't nag-aral din ito sa *CPU*?

“Miss Miranda?”

Napatuwid siya nang marinig si Paolo. Pinilit niya ang isang ngiti. “I... I’m sorry. Iniisip ko lang kasi’yung mga sasabihin ko.”

“Wag kang mag-alala, Miss Miranda. Our ‘thing’ is still safe. Although nagtatanong si Sid kung para saan ang meeting na ito ay nag-alibi na lang muna ako.”

“Pasensya ka na. Hindi ko naman gustong magsinungaling ka.”

“I didn’t lie. Ang s’abi ko ay may kailangan lang tayong i-settle. Besides, the man is deviously intelligent. Madalas nahuhuli na lang niya ako nang hindi ko namamalayan.”

She panicked. “You mean..?”

Tumango ito. “He won’t stop until he found it out.”

“R-really? W-well, malamang na mabanggit din niya kay Daddy ang tungkol sa pagkikita namin.”

“Yun ba ang inaalala mo?” tanong nito. “Don’t worry, I’ll ask him to keep this from his partner,” he said.

Beatrice felt relieved. Kahit hindi niya lubos na kilala ang kaharap ay nakikita naman niyang may isang salita ito. She watched him eat. He had table manners. Kahit ang casual attire ng binata ay hindi rin basta-basta. And his wavy hair was neatly combed in one side.

Mayamaya ay uminom na ito at nagpahid ng bibig. Nanlaki ang mga mata niya nang makita ang mga galos nito sa braso.

“Oh, my God! Did you get them from the accident?” tanong niyang nakatingin sa mga galos at pasa nito. She suddenly realized it was a stupid question. Saan ba nito makukuha iyon? Suddenly, she noticed the fine hairs around his arms. At bagaman hindi maputi ay makinis ang balat ng lalaki.

“It’s alright,” wika nitong nagpaangat ng paningin niya. “I have taken my medicine at papagaling na rin ’yan. Lamang, hindi maiwasang madanggil kapag nagtatrabaho ako sa bukid...”

“Y-you’re also a farmer?”

He raised his brows. “Yes.”

She was surprised. Humahanga siya sa mga magsasaka. At humahanga siya lalo sa mga guwapo at makikinis na magsasaka. How could this man afford to look so?

“Hindi mo ba gusto ang pagkain mo?”

Narinig niyang tanong ng kasama. Nakatingin ito sa pagkaing hindi man lang niya nagalaw. Paborito niya ang pasta, pero wala siyang ganang kumain. Tumingin siya sa kausap.

“Paolo, I know kailangan mo ng pera ngayon para maipaayos ’yung motorsiklo mo. It is one of the reasons why I’m here. To give you the money you need...” she paused. Nakita niya nang bahagyang matigilan ang kaharap. Bigla siyang nag-alala na baka nasaling niya ang pride nito. “O-oh, I... I don’t mean to offend you, Paolo. Obligasyon ko iyon.”

He looked at her intently. “Talaga bang papasanin mo ang lahat ng responsibilidad sa nangyari gayong ang kasama mo ang may-hawak ng manibela?”

“Inaamin naman ng boyfriend ko ang kasalanan niya. Pero ako ’yung kamag-anak ng amo n’yo. Mas dapat na naging maingat ako sa pagsunod sa mga rules sa *Arellano Farm*.”

“So, he’s your boyfriend...”

The Farmer's Son - Dani Alba

She nodded. “Paano ba ’ko makakabawi sa ’yo, Paolo?”

“I noticed how these past two years have turned you into more beautiful lady, Miss Miranda. Alam kong nakikita mo ako noon sa universidad. At hindi naitago ng magaganda mong mga mata ang mga tanong na naglalaro sa isip mo.”

Beatrice got confused. Maliban sa tila inilulutang siya ng mga papuri nito ay hindi niya alam kung ano ang gustong sabihin ng binata. May kalaliman ang mga binitiwang nitong kataga. “I’m sorry?”

“Hindi ko pa kasi napag-iisipan nang husto kung ano’ng magiging pasya ko tungkol sa nangyari. So, for now, maybe we can just see each other for sometime. Katulad ngayon, I called you up and then you came. Sa ibang pagkakataon, p’wedeng sunduin kita sa inyo o kaya ay sa universidad. And we can settle everything then.”

“Are you talking about... a date? Dating me?” she asked, startled.

“Yes.”

“W-why? I... I mean, bakit date... at bakit

ako?” gulat na reaksiyon ni Beatrice na hindi naman ipinagtaka ni Paolo.

He inched his face toward her direction. Napaurong ito sa ginawa niya. “Sino ba’ng muntik nang makadisgrasya sa akin?”

Nakita niya ang pag-aalangan sa mukha ng dalaga. Ang abuhing mga mata nito ay tila napuno ng kalituhan. She eventually shook her head.

“Paolo, I’m sorry but... that’s impossible. As I’ve mentioned earlier, may boyfriend ako.”

“Alright.” Tatangu-tango siyang binitiwang ang salitang iyon.

She was again amazed. “Alright? Iyon ang sagot mo?”

A lopsided smile curved his lips. “Gusto mo bang pilitin kita? O bigyan muna ng panahon para pag-isipan ito? Anyway, nalaman kong umalis kanina ang tiyuhin mo para sa isang business trip.”

“Kahit bigyan mo ako ng panahong mag-isip, iyon pa rin ang sagot ko.”

“Alright, then.”

“So, tinatapos mo na din ang usapan? At pagbalik

ni Uncle Miko ay ire-report mo ang tungkol sa aksidente?”

“Actually, hindi ko kailangang gawin ’yan dahil may nakapag-report na sa tiyuhin mo. Isa sa mga tauhan sa *Arellano Farm* ang nakakita sa nangyari, but fortunately, hindi niya kilala ang kotse at ang driver. Pero nagsimula nang magtanong si Mr. Llamanzares sa Tatay dahil kilala n’ung witness ang motorsiklo ko.”

“At nagsinungaling si Mang Julio dahil iyon ang sinabi mo? Paolo, tinatakot mo ba ’ko?” marahang tanong nito.

“Natatakot ka ba?” tantya niya.

“Yes. Anak ako ng isang abogado. Pangunahin ang batas sa katulad ni Daddy, pero akong anak niya, isang simpleng road regulation ay hindi ko nasunod. Sa tingin mo, gugustuhin kong makarating ito sa kanya?”

Paolo studied her. Hindi niya alam kung galit ba ito o hindi dahil nanatili namang mababa ang tono ng kaharap. Gusto niya itong kaawaan. Obviously, natatakot ito sa ama. Pero bakit? May nagawa na ba itong ikinagalit ni Atty. Miranda kaya gayon na lamang kung mag-alala ito? He felt a little guilt. Aaminin niya, sinasadya niyang gipitin ang dalaga

para sa pansariling interes.

“Excuse me. I need to go to the powder room.”

Hindi na siya nakasagot nang tumayo si Beatrice. Sinundan niya ito ng tingin papunta sa direksyon ng powder room. She walked gracefully in her sneakers. Her skinny blue jeans revealed the sexiness of her legs. And she got a perfect behind. Simple pero classy ang suot nitong maluwang at puting blouse. Ang buhok na mahaba at alun-alon ay basta lang itinali sa likod ng batok. Ayon kay Sid, Beatrice just turned twenty last month. So young and so beautiful.

May ilang minuto rin ang lumipas bago niya naramdaman ang pag-upo ni Beatrice sa kanyang tapat. Walang kibo nitong kinuha ang baso ng organic iced tea at sumipsip sa straw. Mukhang wala talagang balak kumain ang dalaga.

“Let’s go. I’ll take you home,” wika niya makalipas ang ilang saglit. Nakita niya ang pag-aalangan sa mukha nito.

“Paano ang...?”

“I don’t know yet, Miss Miranda. I’ve told you my provision, pero hindi mo naman ’yon gusto at hindi ko rin ipipilit. Bibigyan pa rin kita ng panahon para mag-decide. Bukas ako sa pagbabago ng isip mo.”

“Nasabi ko na ang sagot ko, Paolo. I’m sorry. Please understand. And if you were my boyfriend, how would you feel kapag nalaman mong nakikipag-date ako sa iba?”

He grinned and looked directly into her eyes. “If I were your man, sisiguraduhin kong hindi ka magkakaproblema nang tulad nito. But then again, you are in this situation dahil sa boyfriend mo.”

“Kaya okay lang na makipag-date ako sa iba? Paolo, hindi naman yata fair ’yun.”

He gazed at her for a moment and saw the sincerity in her answer. Napakasuwerte naman ng kasintahan nito. He resigned.

“I’ll just take you home.”

“Wag na, okay lang. Nasa labas ang driver ko. Salamat.”

Hindi na nag-insist ang binata. Sinenyasan niya ang waiter at nang makapagbayad ay sabay silang tumayo ni Beatrice at lumakad palabas ng restaurant.

“Hihintayin ko na lang ang tawag mo, Paolo. Let me know your decision para naman maihanda ko ang depensa. And please, let me help you sa finances sa pagpapagawa ng motorsiklo. At ibabalik ko din ang

The Farmer's Son - Dani Alba

mga ginastos mo sa pagpapagamot.”

“Miss Miranda, kaya kong ipaayos o kahit palitan pa ang motorsiklo ko kung gugustuhin ko. And you don't have to reimburse my medication. Keep your money dahil hindi ko kailangan 'yan.”